**Buwis para sa National Health Insurance sa Lungsod ng Gamagori**

☆ Ano ang National Health Insurance Program?

Ay isang sistema ng pagtulong sa isa't isa kung saan ang mga miyembro ay nagbabayad ng health insurance at sinusuportahan ang pasanin sa gastos sa medical sa murang halaga.

☆ Buwis para sa National Health Insurance

Ang pinuno ng pamilya ang siyang may karapatan na magbayad ng buwis para sa National Health Insurance。Kahit hindi naka enroll sa National Health Insurance ang pinuno ng pamilya siya ang magbabayad ng buwis ng sinumang miyembro ng pamilya na naka enroll sa National Health Insurance.

☆ Pagbubuwis

Kinokumpyut ang buwis gamit ang kabuuang sweldo noong 2022、insured persons、at mga buwan ng pagiging miyembro。

★ Rate at limit ng buwis

| | **Medical Treatment Benefit**<br>Edad 0 hanggang 74 | **Elderly Support Benefit**<br>Edad 0 hanggang 74 | **Nursing Care Benefit**<br>Edad 40 hanggang 64 |
|---|---|---|---|
| batay sa kita | (Kabuuang kita - 430,000 yen)<br>×5.90% | (Kabuuang kita - 430,000 yen)<br>×1.95% | (Kabuuang kita - 430,000 yen)<br>×2.15% |
| base sa isang tao | 23,000 yen<br>per insured person | 8,000 yen<br>per insured person | 10,200 yen<br>per insured person |
| Bawat sambahayan/ Equality basis | 22,700 yen<br>bawat sambahayan | 7,000 yen<br>bawat sambahayan | 7,800 yen<br>bawat sambahayan |
| limit ng buwis | 650,000 yen | 220,000 yen | 170,000 yen |

★ Panahon ng pagbabayad （Ang due date ay hanggang sa katapusan ng buwan na may mga bilog）.Kung ang katapusang araw ay Sabado, Linggo o holiday ang susunod na business day ay ang due date.

| Abril | Mayo | Hunyo | Hulyo | Agosto | Setyembre | Oktubre | Nobyembre | Disyembre | Enero | Pebrero | Marso |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |

※Maaaring ibawas sa pensyon (special tax collection) ang buwis sa National Health Insurance kung ang miyembro ng sambahayan ay 65 hanggang 75 taong gulang lamang. Mag tanong para sa karagdagang detalye.

◎ Pagbabawas ng buwis at exemption

Kapag ang sweldo ng sambahayan ay hindi umabot sa antas ng halaga, Maaaring mabawasan o ma exempt ang buwis sa National Health Insurance.

Kapag ang insured person ay nawalan ng trabaho o nakatangap ng pangmatagalang paggamot,siya ay pwedeng mag apply ng pagbawas ng buwis o exemption. Kumonsulta lamang sa munisipyo.

◎ Iba pa

Kung aalis sa National Health Insurance Program para sumali sa ibang insurance o dahil sa ibang rason, mag report sa munisipyo sa loob ng 14 araw para sa naaangkop na proseso.

**◆Para sa mga katanungan◆**

**Gamagori City Hall Insurance and Pension Division, National Health Insurance Tax（℡0533-66-1172）**